Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 14
Pagkatuto Mula sa Paglilingkod ni Juan Bautista

"1 At nang mga araw na yaon ay dumating si Juan Bautista, na nangangaral sa ilang ng Judea, na nagsasabi, 2 Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit. 3 Sapagka't ito yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas. 4 Si Juan nga ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-pukyutan. 5 Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem, at ng buong Judea, at ng buong lupain sa palibotlibot ng Jordan; 6 At sila'y kaniyang binabautismuhan sa ilog ng Jordan, na ipinahahayag nila ang kanilang mga kasalanan. 7 Datapuwa't nang makita niyang marami sa mga Fariseo at Saduceo na nagsisiparoon sa kaniyang pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating? 8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi: 9 At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. 10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy. 11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy: 12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay." (Mateo 3:1-12 KJV)

Matutunan mo mula sa ministeryo ni Juan Bautista at kung paano tumugon sa tawag ng Dios at paano niya isinagawa ng kanyang paglilingkod at paglilingkod sa Dios at sa mga tao.

1. Siya ay nasa ilang, nakahiwalay mula sa sanglibutan, ngunit ang mga tao'y lumapit sa kanya: Si Juan Bautista ay hindi taong kilala o isang tagapag aliw. Siya ay Nazareno, nakahiwalay sa sanglibutan. Ang kanyang buhay ay ayon sa kabanalan. Ang kaparehong bagay sa iyo ngayon kung inihiwalay mo ang iyong sarili mula sa makamundong mga bagay, TV, U tube, mga kaibigan at pagdiriwang, ang mga tao ay maaakit pa rin na lumapit sa iyo at makinig sa Salita at sa mensahe ng Dios para sa kanila.

2. Siya ay payak na namumuhay, ngunit iyo'y ginamit bilang isang patotoo para sa kanya: Ang kanyang damit at pagkain ay payak. Siya ay kumakain ng kung anong nariyan at abot kaya para sa kanya. Ang pamamaraan ng kanyang kabanalan at katipiran ay nakaakit pa sa mga tao sa kanya. Ang payak na buhay ay kinakailangan upang magabayan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upanng gawin ang buong kaloob ng Dios.

3. Siya ay nasa ilog ng Jordan, ngunit palibotlibot siya, "3 At siya'y napasa buong lupain sa palibotlibot ng Jordan, na ipinangangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan;" (Lucas 3:3 KJV): Patuloy siyang nagpapalibotlibot upang abutin ang mga tao. Tinawag ka ng Dios na patuloy na lumipat-lipat para maabot ang bagong tao at maibigay sa kanila ang mensahe. Tinawag ka ng Dios na ipagpatuloy ang pangangaral at anyayahan ang mga tao na sumunod kay Cristo.

4. Pinatatag siya ng salita ng Dios: Batid niya ang kanyang sasabihin, kung paano magsalita, at paano sumagot, ***"19 At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa kaniya ng mga Judio mula sa Jerusalem ang mga saserdote at mga Levita upang sa kaniya'y itanong, Sino ka baga? 20 At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag, Hindi ako ang Cristo. 21 At sa kaniya'y kanilang itinanong, Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? At sinabi niya, Hindi ako. Ikaw baga ang propeta? At siya'y sumagot, Hindi. 22 Sinabi nga nila sa kaniya, Sino ka baga? Upang ibigay namin ang kasagutan sa nangagsugo sa amin. Ano ang sinasabi mo tungkol sa iyong sarili? 23 Sinabi niya, Ako ang tinig ng isang humihiyaw sa ilang, Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon, gaya ng sinabi ng propeta Isaias." (Juan 1:19-23 KJV)*** Si Juan ay pinalaki sa isang saserdoteng pamilya at siya ay sinanay sa Banal na Kasulatan mula pagkabata. Magagawa mong tumugon ng tama sa tawag ng Dios kung ikaw ay malalim na pinatatag at pinatibay sa Salita ng Dios, kung gayon makakaya mong magsalita sa mga tao at sagutin ang kanilang mga katanungan. Kaya patuloy na magbasa ng Bibliya, araw-araw at sa pagpapatuloy mula sa simula hanggang dulo, pagnilayan at ilapat sa iyong buhay upang lumago ka at ibahagi sa iba ang iyong karanasan at kung paanong nakatulong ang Salita ng Dios sa iyong buhay.

5. Ang kanyang paglilingkod at batay sa Banal na Kasulatan: "4 Gaya ng nasusulat sa aklat ng salita ng propeta Isaias, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas. 5 Lahat ng libis ay tatambakan, At pababain ang bawa't bundok at burol; At ang liko ay matutuwid, At ang mga daang bakobako ay mangapapatag; 6 At makikita ng lahat ng laman ang

pagliligtas ng Dios." (Lucas 3:4-6 KJV) Ang paglilingkod ni Juan ay nakatala at isinalarawan at hinula sa Kasulatan; Ang mga depekto at kalungkutan ng mga lambak ay pupunan (matutugunan ang mga pangangailangan at kakulangan), ang matataas na bundok ay bababa at mapapahiya (mahaharap ang kayabangan), ang mga baluktot na daan at paraan ay magiging tuwid (husgahan ang kasamaan at baluktot na gawain), ang kabatuhan ay magiging maayos (haharapin ang kasalanan, magbabago ang ugali at buhay), at ang kamatayan ay palalitan ng buhay (maipagkakaloob ang kaligtasan ng Dios sa mga tao).

6. Siya ay may epektibong mensahe: "7 At siya'y nangangaral, na nagsasabi, Sumusunod sa hulihan ko ang lalong makapangyarihan kay sa akin; hindi ako karapatdapat yumukod at kumalag ng tali ng kaniyang mga pangyapak. 8 Binabautismuhan ko kayo sa tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan niya sa Espiritu Santo." (Marcos 1:7-8 KJV) Sa kanyang mensahe ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at itinuwid ang mga tao patungo kay Cristo Na Tagapagligtas at ang Banal na Espiritong Nagbabautismo. Ang kanyang mensahe ay paghahanda sa mga tao na tanggapin si Cristo. Ang kapareho sa iyo, itinutuwid ka ng Dios upang abutin ang tiyak na mga tao at kailangan mong magkaroon ng mensahe na makakapagpalina ng mga bagay sa kanila.

7. Siya ay isang saksi para kay Jesus: "6 Naparito ang isang tao, na sugong mula sa Dios, na ang kaniyang pangalan ay Juan. 7 Ito'y naparitong saksi, upang kaniyang patotohanan ang Ilaw, upang sa pamamagitan niya'y magsisampalataya ang lahat. 8 Hindi siya ang Ilaw, kundi pumarito upang kaniyang patotohanan ang Ilaw. 9 Nagkaroon ng tunay na Ilaw, sa makatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao, na pumaparito sa sanglibutan." (Juan 1:6-9 KJV) Si Juan ay isang saksi para kay Jesus. Sa parehong paraan, tinawag ka upang maging saksi kay Cristo, sa paraang namumuhay ka para kay Cristo at kung paano mo harapin ang mga pangyayari sa buhay at sa taong nakapaligid sa iyo. ***"13 Kayo ang asin ng lupa: nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao. 14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mababuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:13-16 KJV)***

8. Hinarap niya ang mga tao gamit ang mensaheng walang pakikikompromiso: "2 Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit. 8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi: 9 At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." (Mateo 3:2, 8-9 KJV) Sinaway niya ang mga tao at hinarap sila sa kanilang mga kasalanan. Maging handa kang harapin ang mga tao at sawayin sila sa kanilang mga kasalanan.

9. Binalaan niya ang mga tao at nagsalita tungkol sa nalalapit na hatol ng Dios: "10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy. 12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay." (Mateo 3:10, 12 KJV) Kailangan mong babalaan ang mga tao tungkol sa paghuhukom ng Dios. Magsalita tungkol sa mga bunga ng kanilang mga kasalanan. Magsalita sa kanila tungkol sa tunay na presensya ng impiyerno, magsalita sa kanila tungkol sa ikalawang pagdating ni Cristo, ang kapighatian at ang walang-hanggang apoy.

10. Ipinaliwanag niya sa mga tao at ipinakita sa kanila ang kanilang mga kasalanan at kung ano ang kailangan nilang gawin sa mas malinaw na paraan: "10 At tinanong siya ng karamihan, na nangagsasabi, Ano ngang dapat namin gawin?" (Lucas 3:10 KJV) Kapag nagsisisi ang mga tao, tatanungin nila sa'yo kung ano ang kailangan nilang gawin at kailangan mo silang gabayan at turuan sa kung ano ang dapat nilang gawin. Ang mga sumusunod ay magagandang halimbawa na maaari mong pag-aralan kung paano ipinaliwanag at pinalawak ni Juan sa mga tao ang kanilang mga kasalanan.

A. Makasarili: "11 At sinagot niya at sinabi sa kanila, Ang may dalawang tunika ay magbahagi sa wala; at ang may pagkain ay gayon din ang gawin." (Lucas 3:11 KJV
B. Kasakiman: "12 At dumating naman ang mga maniningil ng buwis upang mangagpabautismo, at sinabi nila sa kaniya, Guro, anong dapat naming gawin? 13 At sinabi niya sa kanila, Huwag na kayong sumingil pa ng higit kay sa utos sa inyo." (Lucas 3:12-13 KJV)
C. Pananamantala: "14 At tinanong naman siya ng mga kawal, na nangagsasabi, At kami, anong dapat naming gawin? At sa kanila'y sinabi niya, Huwag kayong kumuhang may karahasan sa kanino man, ni mangagparatang; at mangagkasiya kayo sa bayad sa inyo." (Lucas 3:14 KJV)
D. Paninirang-puri, kasinungalingan at pang-iinsulto: "Huwag kayong kumuhang may karahasan sa kanino man, ni mangagparatang;" (Lucas 3:14 KJV)
E. "Walang kasiyahan: "at mangagkasiya kayo sa bayad sa inyo." (Lucas 3:14 KJV)

F. Iba mga kasalanan: "18 Sa mga iba pang maraming pangaral ay ipinangangaral nga niya sa bayan ang mabuting balita;" (Lucas 3:18 KJV)
G. Pangangalunya: Sinaway ni Juan si Herodes para sa ginagawang pangangalunya, ***"19 Datapuwa't si Herodes na tetrarka, palibhasa'y pinagwikaan niya dahil kay Herodias, na asawa ng kaniyang kapatid, at dahil sa lahat ng masasamang bagay na ginawa ni Herodes, 20 Ay naparagdag naman ito sa lahat, na kinulong niya si Juan sa bilangguan." (Lucas 3:10-14, 18-20 KJV)***

11. Nadama niya nang lumapit sa kanya ang mga Fariseo at Saduceo at ayaw nilang magsisi: "7 Datapuwa't nang makita niyang marami sa mga Fariseo at Saduceo na nagsisiparoon sa kaniyang pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating?" (Mateo 3:7 KJV) Kailangan mong maging maingat sa iyong paglilingkod, para malaman kung sino ang mga taong lumalapit sa'yo at maging maingat sa kanilang mga motibo at kung nagsisisi ba sila o hindi. Maaaring magpadala ang diyablo ng ilang tao para gambalain ka, kaya kailangan mong maging maingat kung paano sila haharapin.

12. Nagpatuloy siya sa kanyang paglilingkod; nanindigan siya at nagtiis na ipinagpatuloy ang kanyang paglilingkod hanggang sa makilala niya si Jesus: Ipinakita ng Banal na Espiritu kay Juan na darating si Jesus sa kanya gaya ng mababasa mo dito ***"32 At nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit; at dumapo sa kaniya. 33 At siya'y hindi ko nakilala; datapuwa't ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang nagsabi sa akin, Ang makita mong babaan ng Espiritu, at manahan sa kaniya, ay siya nga ang bumabautismo sa Espiritu Santo." (Juan 1:32-33 KJV)*** Kaya kailangan niyang magtiyaga hanggang sa dumating si Jesus sa kanya, kaya kalaunan pagkatapos ng pagbabautismo sa tubig ni Juan kay Jesus ay maipasa niya sa Kanya ang paglilingkod at ang mga tao. Ganoon din tayo ngayon, hinihintay natin si Jesus na dumating para dalhin tayo sa Kanya, kaya kailangan nating magtiyaga sa ating paglilingkod at ministeryo hanggang sa darating si Cristo at dalhin tayo sa Langit.

13. Ang paglilingkod ni Juan Bautista ay mabunga: Habang patuloy siyang nangangaral at nagpapaalala, lumalapit ang mga tao sa kanya; nagsisi sila, inamin ang kanilang mga kasalanan, nagbago ang kanilang buhay, nabautismuhan sa tubig, at naghanda para tanggapin ang turo ni Cristo at sa kalaunan ang Bautismo ng Banal na Espiritu.

Sa aking Mahal at Minamahal: Tinawag ka ng Dios na gawin ang kapareho, upang mahiwalay mula sa sanglibutan, pinagtibay ng Kanyang Salita at ipagpatuloy ang pagtitiis sa iyong tawag, mangaral, magpayo, magpaliwanag ng Salita ng Dios, pangunahan ang mga tao sa pagsisisi at ituro sa kanila ang tunay na paraan ng buhay, bautismuhan sila sa tubig sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, at ihanda sila para puspusin sila ng Panginoon ng Banal na Espiritu at maging handa na samahan tayo kapag dumarating si Cristo upang dalhin tayo sa Langit.

Ipagkaloob ang iyong sarili sa paglilingkod na ito at sa mga sumusunod na punto:

- Ihiwalay mo ang sarili mo sa makalupang bagay, TV, YouTube, kaibigan at mga party, at maaakit pa rin ang mga tao na lumapit sa iyo at makinig sa Salita at mensahe ng Diyos para sa kanila.

- Mamuhay ng payak at patnubayan ka ng Banal na Espiritu upang gawin ang buong kalooban ng Dios.

- Tinawag ka ng Dios na patuloy na kumilos upang maabot ang bagong tao at ibahagi sa kanila ang mensahe. Tinawag ka ng Dios na ipagpatuloy ang pangangaral at anyayahan ang mga tao na sundin si Cristo.

- Ipagpatuloy ang pagbasa ng iyong Bibliya, araw-araw, mula simula hanggang katapusan, magnilay at ilapat sa iyong buhay upang ikaw ay lumago at maibahagi sa iba ang iyong karanasan at kung gaano kalaki ang naitulong ng Salita ng Dios sa iyong buhay.

- Ginagabayan ka ng Dios upang maabot ang tiyak na tao at kailangan mo ng mensahe na magpapalinaw sa kanila.

- Tinawag ka upang maging saksi kay Cristo, sa paraan ng iyong pamumuhay para kay Cristo at kung paano mo hinaharap ang mga pangyayari sa buhay at ang mga tao sa paligid mo.

- Maging handa na harapin ang mga tao at sawayin sila sa kanilang mga kasalanan. Kailangan mong babalaan ang mga tao tungkol sa paghuhukom ng Dios. Magsalita tungkol sa mga kahihinatnan ng

kanilang mga kasalanan. Sabihin sa kanila ang tungkol sa tunay na presensya ng impiyerno, tungkol sa ikalawang pagdating ni Cristo, ang kapighatian, at ang walang hanggang apoy.

- Kapag nagsisi ang mga tao, tatanungin nila sa iyo kung ano ang kailangan nilang gawin at kailangan mo silang gabayan at turuan kung ano ang dapat nilang gawin.

- Kailangan maging mapanuri sa iyong ministeryo, upang malaman kung sino ang mga taong lumalapit sa iyo at maging maingat sa kanilang mga motibo at kung nagsisisi ba sila o hindi. Maaaring magpadala ng ilan ang diyablo upang guluhin ka, kaya kailangan mong maging matalino kung paano sila haharapin.

- Habang hinihintay natin si Jesus na dumating at kunin tayo, kailangan nating magtiyaga sa ating paglilingkod at ministeryo hanggang sa dumating si Cristo at kunin tayo sa Kanya.

Manalangin tayo…

Ang aking Panalangin: *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa malinaw mong Salita sa akin. Salamat sa lahat ng materyal at Espiritwal na mga biyaya na natanggap ko mula sa iyo. Salamat sa lahat ng pagtuturo, pagwawasto, pagsaway, at mga paalala na natanggap namin sa mensaheng ito.*

Lumapit ka na sa Dios at ipahayag at iwanan ang lahat ng iyong mga kasalanan at ialay ang iyong sarili na maglingkod sa Kanya. Ipagtapat at iwanan ang iyong kayabangan at kapalaluan, ang hindi pagnanais na magpakumbaba, pagsisinungaling, panlilinlang, pandaraya, pagnanakaw, pang-aabuso, pagsasamantala, panunuhol, ang iyong pagmamahal sa pera at mga bagay na materyal. Ipagtapat at iwanan ang iyong galit, pakikipaglaban at pananakit sa iba. Ipagtapat at iwanan ang iyong papuri, takot sa tao, kompromiso, katiwalian at kawalan ng katarungan. Ipagtapat at iwanan na ginagawa mo ang iyong sariling kalooban at plano at hindi ang kalooban ng Dios at Kanyang plano sa iyong buhay. Ipagtapat at iwanan ang iyong pagiging makamundong at kakulangan sa pagiging tapat. Ipagtapat at iwanan ang kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay ng panalangin. Ipagtapat at iwanan ang iyong hindi pagnanais na mangaral at gumawa ng mga disipulo. Ipagtapat at iwanan ang iyong pakikisalamuha sa mga hindi mananampalataya, sa mga kaibigan at pagkaalipin sa Media, Balita at laro. Ipagtapat at iwanan ang iyong maling pamamahala sa kinikita, ang hindi pagnanais na mabuhay ng simple, pagsasayang ng iyong mga yaman, kakulangan sa pagbibigay ng ikapu at ibigay sa Diyos, ang iyong katamaran, ang iyong pagiging kampante, ang iyong masamang halimbawa sa iba at ang iyong kakulangan ng kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na ilapat ang mga tubtuning natutunan ko mula sa mensaheng ito sa aking buhay at ministeryo. Ipinagkakaloob ko ang aking sarili na mamuhay sa kabanalan, na maging hiwalay mula sa mundo, na magbasa at isabuhay ang iyong Salita. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na mamuhay alinsunod sa iyong kalooban at sa mabuting plano na inihanda mo para sa akin. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na maging mabunga at produktibong tao sa iyong Kaharian at maging mabuting halimbawa para sa iba upang lumapit at sumunod sa iyo. Ipinagkakaloob ko ang aking sarili na pumunta at mangaral, ipalaganap ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad. Panginoon, bigyan mo ako ng tapang, lakas at pagtitiyaga upang patuloy na maglingkod sa iyo at maabot ang mga naliligaw. Patnubayan mo ako gamit ang iyong Salita at ang Banal na Espiritu kung kanino ako pupunta at mangangaral. Bigyan mo ako ng karunungan upang maunawaan at makita ang uri ng mga taong pinapayagan mo na lumapit sa akin. Itaas mo ako ng iyong biyaya at paglaanan ako upang patuloy na makatulong sa iyo. Salamat at papurihan kita Panginoon; ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, dalangin ko ang aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon, dalangin kong bigyan mo sila ng pagkakataon na maglingkod sa iyo. Panginoon, ipinagdarasal ko na lubos mo silang baguhin at gawing ganap na naiiba upang sila ay maging mabunga at epektibo sa kung ano ang ipinagkaloob sa kanila mula sa mga yaman. Panginoon, puspusin mo sila muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga Espirituwal na kaloob para mangaral at maabot ang mga bagong tao. Panginoon, protektahan mo sila, tugunan ang kanilang pangangailangan at bigyan sila ng mabuting kalusugan at lakas upang maisakatuparan ang kanilang ministeryo at ang mga gawain na ipinagkatiwala mo sa kanila.

Panginoon, dalangin ko para sa amin bilang Simbahan ng Dios na patuloy kaming maging tapat sa iyo; na paglingkuran ka nang buong puso at magamit nang mabunga ang lahat ng aming mga yaman at sulitin ang

lahat ng pagkakataon. Panginoon, ipinagkakatiwala namin sa iyo ang aming sarili na ipagpatuloy ang pagtuturo sa iyong mga tao na maging mabuting katiwala, at gabayan sila ayon sa iyong Salita, kalooban at mga plano para sa kanila. Panginoon, dalangin ko ang mas maraming pangangaral at mas maraming pag-aaral ng Bibliya na maitatag at mas maraming manggagawa ang maihanda. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang patuloy ka naming mapaglingkuran. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com